

INTERNATIONAL NAPASA (April 16h, 2024)

1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 20 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **VISSEL KOBE**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng ¥ 2500 para sa matatanda at ¥ 900 naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang ¥ 500.

2) IMPORMASYON UKOL SA LIBRENG CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館のお知らせ

Sa April 17 (Wednesday) ng 11:00 ng umaga ang **FELICITA GROUP** ay magkakaroon ng **JOSEI CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. At mula 2:00 ng hapon ay magkakaroon ng **YOZHE NO PIANO**. Ang entrance fee dito ay libre sa naunang dumating na hanggang 60 katao. Para sa iba pang katanungan ay makipag-ugnayan sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**, Telephone No. **0463-35-71114 (0463-35-7114)**.

3) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa April 26 (Friday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta rin ang Ja Shonan ng mga lokal na gulay. Magbebenta ng mga daing at gulay mula 2:00 ng hapon at magbebenta naman ng sariwang isda mula 3:00 ng hapon. Ito ay matatapos hanggang sa maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

4) UKOL SUPORTANG PINANSIYAL PARA SA FATHER'S CHILDCARE LEAVE

育休パパ応援支援金のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ang mga amang nakakuha ng **CHILCARE LEAVE** ay magbibigyan ng suportang pinansiyal kung makamit ang mga kondisyon sumusunod na kondisyon:

1. Nakatala sa Resident Registry
2. Sa loob ng 8 linggo matapos ipanganak ang bata ay nakakuha ng **CHILD CARE LEAVE** ng 4 na linggo o higit pa.
3. Ipinganak ang bata ng March 4, 2024 o higit pa at nakakuha ng **CHILD CARE LEAVE** mula April 1 o higit .
4. Dumalo ng **"MOTHER FATHER CLASSROOM"** sa Hiratsuka City

Para sa mga detalyeng kondisyon ay makikita sa **Home page** ng siyudad o tumawag sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

5)IMPORMASYON UKOL SA MEDICINE NOTEBOOK

おくすり手帳^{ておょう}についてのおしらせ

Alam nyo ba ang **MEDICINE NOTEBOOK**. Kapag kayo ay nagkasakit at pumunta ng doktor ay resesitahan kayo ng doktor para makabili ng gamot sa botika. At kapag bumili ng gamot kayo ay mabibigyan ng **MEDICINE NOTEBOOK** sa botikang pinagbilhan. Nakatala dito ang pangalan ng mga gamot na inyong nabili. Siguraduhing dalhin ang **MEDICINE NOTEBOOK** sa botika para sa discount na inyong makukuha sa pagbili ng gamot.